

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Paglilinis sa Templo

Juan 2:13-17

Ang Kasaysayan...

Ang Panginoong Jesus ay kinabakasan ng kalungkutan nang Siya ay pumasok sa bakuran ng templo at minasdan ang kaguluhan. Sa bawat dako ay nakita Niya ang mga kulungan na puno ng mga hayop na panghandog at narinig ang malalakas na tinig ng mga nagbibili ng mga ito na nakikipagtawaran sa mga bumibisitang manlalakbay para sa pinakamataas na halaga.

Hindi kailanman panukala ng Dios ang ganitong kaguluhan. Nang itayo ni Solomon ang unang templo sa Jerusalem ay gayon na lamang ang paggalang sa

tahanan ng Dios anupa't ni tunog ng martilyo ay walang narinig samantalang ginagawa ito. Ang mga bato at tabla ay pinutol sa ibang lugar bago ito dinala sa templo at doon ay tahimik na pinagakmaakma (I Hari 6:7).

Si Jesus ay nakasumpong ng ilang lubid na pantali sa mga tupa at ginawa Niya itong panghampas. Ang Anak ng Dios ay malakas na nagsalita na tila tunog ng trumpeta: "Alisin ninyo rito ang mga bagay na ito: huwag ninyong gawin ang bahay ng Aking Ama na bahay-kalakal." Juan 2:16. "Nasusutat, ang Aking bahay ay tatawaging bahay panalanginan, ngunit ginawa ninyong yungib ng mga tulisan." Mateo 21:13. Isa-isa Niyang tinungo ang mga kubol at pinakawalan ang mga hayop at itinaob ang mga mesa ng mga nagpapalit ng salapi.

Nang madama nila na sila'y nasa harap ng Makapangyarihan sa lahat, ang mga mangangalakal ay nagtakbuhang lahat palabas ng bakuran ng templo. Higit sa anumang bagay, nais ng Panginoon na ang mga tao

ay magkaroon ng maliwanag na pananaw sa pagibig at kadalisayan ng Kanyang Amang nasa langit. Ito ang dahilan ng pagkawasak ng Kanyang puso nang makita Niyang ang banal na templo ay ginawang palengke.

Una rito, maraming taon na ang nakaraan, si propeta Daniel ay paunang nagsabi ng ibang panahon na ang templo ay marurumihan, babaguhin ang katotohanan ng Dios, at uusigin ang Kanyang bayan. At muli, ang Panginoon ay darating upang linisin ang Kanyang santuwaryo.



16



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Si Daniel ay nagkaroon ng kamanghamanghang pangitain na roon ay nakita niya ang isang lalaking tupa na may dalawang sungay (Daniel 8:1-4). Sino ang kinakatawanan ng tupa?

Daniel 8:20 *Ang lalaking tupa na iyong nakita, na may dalawang sungay ay mga hari ng _____ at _____.*

2. Sumunod, si Daniel ay nakakita ng isang kambing na may malaking sungay sa pagitan ng mga mata. Ano ang kahulugan nito?


Daniel 8:21, 22 *At ang may magaspang na balahibo na lalaking kambing ay siyang hari sa _____: at ang malaking sungay sa pagitan ng kanyang mata ay ang _____ hari. At tungkol sa nabali, sa dakong tinayuan ng apat, ay _____ na kaharian ang magsisibangon mula sa bansa.*

PALIWANAG: Ang lalaking kambing ay kumakatawan sa Gresya at ang malaking sungay ay simbolo ng unang hari nito, si Alejandrong Dakila. Ang apat na sungay ay ang apat na heneral ba sumakop ng ibang bahagi ng imperyo nang mamamatay si Alejandro.

3. Isang maliit na sunay ang tumubo mula sa isa sa apat. Anong kapangyarihan ang kinakatawanan ng "maliit na sungay" na ito?

Mga Gawa 18:2 *Ipinagutos ni Claudio na ang lahat ng mga Judio ay magsiallis sa _____.*

PALIWANAG: Ang "maliit na sungay" na umusig sa mga anak ng Dios, yumurak sa mga banal na bagay, at sumalungat sa Panginoong Jesus ay kumakatawan sa Roma—kapwa sa ilalim ng kapangyarihang pagano at ng kapapahan. Ang Roma ang tanging kapangyarihan na sumunod sa Gresya at naging lubhang makapangyarihan.



4. Sinabi kay Daniel na ang maliit na sungay ay siyang magpaparumi ng santuaryo. Gaano katagal ito malilinis?

Daniel 8:14 *Hanggang sa _____ libo at _____ daang araw; kung magkagayo'y malilinis ang santuario.*

PALIWANAG: Ang 2,300-araw ay siyang pinakamahabang panahon ng propesiya sa Biblia, ngunit ang pasimula nito ay masusumpungan lamang sa susunod na kabanata—ang Daniel 9:25.

5. Papaanong tumugon si Daniel nang makita niya ang kapangyarihan ng maliit na sungay na umusig sa bayan ng Dios at pinalabo ang katotohanan?

Daniel 8:27 *At akong si Daniel ay nanglupaypay, at _____ ng ilang araw; ... at ako'y natigilan sa pangitain, ngunit walang _____.*

PALIWANAG: Si Daniel ay lubhang nanglumo sa darating sa bayan ng Dios, anupa't siya'y nanlupaypay at nagkasakit ng ilang araw. Ngunit sa simula na si Daniel o ang kanyang mga kaibigan ay hindi maunawaan ang 2,300-araw na bahagi ng pangitain.

6. Sa sumunod na kabanata, ipinaliwanag ng anghel ang detalye ng propesiya. Gaano kahaba ang panahon na hindi unang inilarawan sa pangitain?

Daniel 9:24 _____ ang ipinasya sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan, ... at upang tatakan ang pangitain at propesiya.

PALIWANAG: Ilang taon pagkalipas ng pangitain ni Daniel ukol sa 2,300-araw, isang anghel ng langit ang mabilis na tumabi sa kanya upang tulungan siyang maunawaan ito. Pinalawak din ng anghel ang pangitain upang isama ang 70-linggo na "ipinasya," o inilaan sa mga Judio at sa lungsod ng Jerusalem. Binigyan ng Dios ng isa pang pagkakataon ang Kanyang piniling bansa— isang 490-taon na pagkakataon upang matupad ang adhikain nito na ipahayag ang Tagapagligtas sa sanlibutan (Daniel 9:23, 24).

7. Ano ang pasimula ng 2,300-araw at ng 70-linggong panahon ng mga propesiya?

Daniel 9:25 Iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na _____ at itayo ang _____ sa Pinahiran na Prinsipe, ay magiging pitong sanlinggo; at animnapu't dalawang sanlinggo.

PALIWANAG: Sinabi ng anghel kay Daniel na ang 2,300-araw at 70-linggo ng propesiya ay magsisimula mula sa utos ng pagsasauli at pagtatayo ng Jerusalem. Ang bayan ng Dios ay kasalukuyang bihag noon sa imperyo ng Persia. Ang utos ay ginawa noong ikapitong taon ng paghahari ni Haring Artaxerxes, na nagsimulang manungkulan noong 464 B. C. (Ezra 7:7). Ang kanyang kautusan noong 457 B. C. ang siyang tanging nagbigay ng katiyakan ng pagsasauli at muling pagtatayo ng Jerusalem.


8. Sinabi ng anghel na kung bibilang ka ng 69 na linggo mula sa 457 B. C., ay darating ka sa Pinahirang Prinsipe. Ito ba'y nangyari?

Mga Gawa 10:37, 38 Talastasin ninyo ang salitang ito ... pagkatapos ng bautismo na ipinangaral ni Juan; Kung paanong _____ ng Dios si Jesus ng Nazareth ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan.

PALIWANAG: Opo! Narito ang isang kahangahangang himala. Daang taon bago pinahiran si Jesus ng Espiritu Santo, ang pangyayari ay pauna nang sinabi sa propesiya! Ang "Mesias" ay salitang Hebreo para sa "pinahiran" at ang salitang "Kristo" ay ang katumbas nito sa Griego. Sinasabi ng Lukas 3:21, 22 na ang tanging pagpapahid na ito ng Banal na Espiritu ay nangyari sa Kanyang binyag. Narito ngayon ang susi. Sa propesiya ng Biblia, ang isang araw ay katumbas ng isang literal na taon (Mga Bilang 14:34; Ezekiel 4:6; Luka 13:32). Idagdag ang 69-na linggo, o 483-araw ($69 \times 7 = 483$) sa 457 B. C. ay darating tayo sa 27 A. D.

$$\begin{array}{r} 483 \text{ taon} \\ + 457 \text{ pasimulang araw} \\ \hline \text{A.D. } 26 \\ + 1 \text{ taon para 1 B. C. - A. D. } 1 \text{ (walang 0 na taon)} \\ \hline \text{A.D. } 27 \end{array}$$


Nagsimula si Jesus ng Kanyang ministeryo bilang Mesias pagkatapos na Siya'y mabinyagan noong A. D. 27, ganap na 483-taon makaraan ang utos na ibinigay noong 457 B. C. Ito ang dahilan kung bakit sinimulan ni Jesus ang Kanyang pangangaral pagkatapos ng Kanyang bautismo, ng "Naganap na ang panahon, at ang kaharian ng Dios ay malapit na." Markos 1:15. Siya'y nagsasabi ng panahon ng propesiya sa Daniel 9:25.



9. Ano ang susunod na mangyayari sa propesiya?

Daniel 9:26, 27 *At pagkatapos ng animnaput dalawang sanlinggo ay _____ ang Pinahiran at _____, ... At pagtitibayin niya ang tipan sa marami sa loob ng sanlinggo: at sa _____ ng sanlinggo ay kanyang ipatitigil ang hain at ang alay.*


PALIWANAG: Sinabi ng propesiya na si Jesus ay “mahihinalay” o ipapako sa krus, sa gitna ng huling linggo ng 70-sanlinggo ng propesiya. Bumilang ng tatlo-at-kalahating taon mula nang Siya ay pahiran sa taglagas ng A. D. 27 at tayo ay hahantong sa tagsibol ng A. D. 31, na siyang eksaktong panahon nang Siya ay ipako sa krus. Nang Siya ay mamatay, ang tabing ng templo ay nahapak sa dalawa mula sa itaas pababa (Mateo 27:50, 51), ipinahihawatig na si Jesus ay itinigil na ang paghahandog sa Pamamagitan ng Kanyang kamatayan bilang Kordero ng Dios. Pagbalik-aralan ang sumusunod na guhit ng panahon:



10. Sa anong grupo ng mga tao unang inutusan ni Jesus na mangaral ang Kanyang mga alagad?

Mateo 10:5, 6 *Huwag kayong magsitungo sa alinmang daan ng mga Gentil, ... Kundi bagkus magsiparoon kayo sa mga tupang nangawaglit sa bahay ni _____.*

PALIWANAG: Iginiit ni Jesus na ang Kanyang mga alagad ay unang mangaral sa mga Judio, sapagkat sila ay may nalalabi pang tatlo-at-kalahating taon sa kanilang 490-taon na pagkakataon na tanggapin at ipahayag ang Messias. Ang propesiya sa Daniel 9:27 ay nagsabi na si Jesus ay pagtitibayin ang tipan, o ang dakilang panukala ng pagliligtas para sa marami sa loob ng isang linggo (literal na pitong taon). Ngunit si Jesus ay ipinako sa gitna ng huling sanlinggo na inilaan sa Kanyang piniling bansa, papaano Niyang mapagtitibay ang Kanyang tipan sa kanila pagkatapos ng Kanyang kamatayan? Ang tugon ay masusumpungan sa Hebreo 2:3: “Paanong makatatanan tayo kung ating pababayaan ang ganitong dakilang kaligtasan? na ipinangusap ng Panginoon noong una ay pinatunayan sa atin sa pamamagitan ng mga nakarinig.” Ang mga alagad ni Jesus ay nangaral sa mga Judio nang huling tatlo-at-kalahating taong yaon, hanggang ang bansa ay lubusang tinalikdan ang pabalita ng ebanghelyo noong A. D. 34, nang si Esteban, isang matuwid na diyakono, pinagbabato sa madla hanggang mamatay. (Tingnan ang karagdagang pinamagatang “Ang Nakalutang na Isang Linggo”).



11. Anong babala ang ibinigay ni Jesus sa Kanyang piniling bayan?

Mateo 21:43 _____ sa inyo ang kaharian ng Dios, at ibibigay sa isang _____ nagkakabunga.

PALIWANAG: Maliwanag na sinabi ng Panginoon na ang natatanging kalagayan ng bansang Judio ay mawawalan ng halaga kung sila’y magpapatuloy sa pagtanggong sa Messias.

12. Ano yaong ibang “bansa” na tinutukoy ni Jesus sa Mateo 21:43, na siyang magiging Kanyang piniling bayan?


Galacia 3:29 *At kung kayo’y _____, kayo nga’y binhi ni Abraham, at _____ ayon sa pangako. Roma 2:28, 29 Sapagkat siya’y hindi Judio kung sa labas lamang; ... Ngunit siya’y _____ sa _____*

PALIWANAG: Nang batuhin si Esteban noong A. D. 34 (Mga Gawa 7:58, 59), ang literal na bansang Judio ay hindi tanging piniling bayan ng Dios. Sapagkat patuloy nilang tinanggihan ang panukala ng Dios para sa kanila, ang bansang Israel ay hindi na siyang tanging layunin ng propesiya ng huling panahon. Ngayon ang lahat na tatanggap kay Jesus ay Kanyang piniling bayan, at ang mga ipinangako ng Dios sa literal na Israel ay para sa espirituwal na Israel ngayon. (Roma 9:6-8).

13. Sangayon sa anghel na nagsalita kay Daniel, ano ang mangyayari sa katapusan ng 2,300-taon?

Daniel 8:14 *At sinabi niya sa akin, Hanggang sa 2,330-araw; kung magkagayon _____ ang _____.*

PALIWANAG: Noong A. D. 34, may natitira pang 1,810-taon sa 2,300-araw na propesiya. (Pansinin ang mga petsa sa ibaba). Idagdag ang 1,810-taon sa A. D. 34 at darating tayo sa taglagas ng 1844. Sinabi ng anghel na sa panahong yaon, ang santuario ay lilinis. (Ang santuario sa lupa ay nawasak noong A. D. 70). Si Jesus ang ating mataas na saserdote sa langit (Hebreo 4:14-16; 8:1-5), ay nagsimulang alisin ang mga tala ng kasalanan sa santuario sa langit (Apokalipsis 20:12; Mga Gawa 3:19-21) noong 1844. Ang unang bahaging ito ng paghatol ay tinatawag na "pre-advent judgment" dahil ito'y mangyayari bago dumating ang Panginoon sa ikalawa.



14. Kaninong mga usapin ang isinasaalangalang sa paghatol bago dumating si Kristo "pre-advent judgment"?

I Pedro 4:17 *Sapagkat dumating na ang _____ sa _____ ng Dios.*

PALIWANAG: Ang pasimula ng paghatol ay isasaalangalang lamang ang mga nagaangking mga anak ng Dios.

15. Ano ang susuriin sa unang bahaging ito ng paghatol?

A. **Apok. 20:12** *At ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa _____.*

B. **Ecclesiastes 12:14** *Sapagkat dadalhin ng Dios ang bawat _____ sa paghatol, pati bawat _____ bagay.*

C. **James 2:12** *Gaya ng mga taong huhukuman sa pamamagitan ng _____ ng _____.*

PALIWANAG: Ang katibayan sa paghatol ay magmumula sa mga aklat na iniingatan sa langit, na nagtataglay ng mga detalye ng buhay ng tao. (Tingnan ang Awit 56:8). Ang 10 Utos, ang kautusan ng Dios, ay ang Kanyang pamantayan sa paghatol (Apokalipsis 22:14).

16. Ang Dios ba ang magsasakdal sa atin sa paghatol?

Apok. 12:9, 10 *Ang matandang ahas, na tinatawag na _____ ... ay inihagis sa lupa, sapagkat inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y _____ sa harap ng ating Dios gabi at araw.*

PALIWANAG Hindi! Si Satanas ang inyong tanging tagapagsakdal. Sa kasamaang-palad may ilang Kristiyano ang nagiisip na si Jesus ay sinisikap na papaniwalain ang Ama na palayain tayo sa panahon ng paghatol, ngunit sinabi ni Jesus, "Ang Ama rin ang umiibig sa inyo" Juan 16:27.



17. Ako ba'y tatayong nagiisa sa paghatol (pre-advent judgment)?

- A. Si Jesus ang ating Tagapamagitan (I Juan 2:1).
- B. Si Jesus ang ating hukom (Juan 5:22).
- C. Si Jesus ang tapat at totooong saksi (Apok. 3:14).

PALIWANAG: Sa paghuhukom, ang manananggol, hukom, at saksi ng Kristiyano ay walang iba kundi ang Panginoong Jesus. Kung ikaw ay nabubuhay para sa kanya, paano kang matatalo (Roma 8:1; Apok. 3:14).

Ang Iyong Tugon

Kung si Jesus ang iyong tagapagtanggol sa paghatol, ipinangangako Niya ang iyong tagumpay. Ipagkakaloob mo ba ngayon ang iyong buhay sa Kanya?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pagaaral.

Ang Nakalutang na Sanlinggo

Ang mga ibang nagaaral ng Biblia ay ihinihiwalay ang huling sanlinggo (o literal na pitong taon) ng 490-taong propesiya na nasa aklat ng Daniel at iniaakma ito sa gawain ng Antikristo sa wakas ng panahon at pitong taon ng kaguluhan. Walang patibay ang Biblia para rito.

Pagbalik-aralan ang mga ilang katotohanan:

- A. Ang 490-taong propesiya ay isang patuloy na panahon, tulad ng pitumpung taon na pagkabihag ng bayan ng Dios na binabanggit ng Daniel 9:2.
- B. Ang pasimula ng huling pitong taon ng propesiya ay nang binyagan ang Panginoon noong A. D. 27. Ito ang dahilan kung bakit pinasimulan Niya ang Kanyang pangangaral ng, "Naganap na ang panahon." Markos 1:15.
- C. Nang Siya ay namatay sa krus, noong tagsibol ng A.D. 31, ang Panginoon ay sumigaw ng, "Naganap na." Maliwanag na tinutukoy rito ng Panginoon ang propesiya ng kanyang kamatayan sa Daniel 9.

Ito ang mga sumusunod:

- 1. Ang "Mesiyas" ay "mahihwalay" o ipapako sa krus (talatang 26).
- 2. Ipatitigil "ang hain at ang alay" sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan bilang tunay na Kordero ng Dios (talatang 27: 1 Cor. 5:7; 15:3).
- 3. Siya ay gagawa ng "pakikipagkasundo para sa kasalanan" (tal. 24).

Ang Kanyang pagdating bilang Mesiyas, na akma sa panahon, ay nagpapatunay na ang lahat ng petsa ng buong 490-taon at 2,300-taon ng propesiya ay ganap at walang anumang pagkakamali.

